

# The Project Gutenberg eBook of Ang Mananayaw, by Rosauro Almario

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Ang Mananayaw

Author: Rosauro Almario

Release date: January 25, 2005 [EBook #14794]

Most recently updated: December 19, 2020

Language: Tagalog


Credits: Produced by Tamiko I. Camacho and PG Distributed Proofreaders.

Produced from page scans provided by University of Michigan.

\*\*\* START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK ANG MANANAYAW \*\*\*

[Transcriber's note: Tilde g in old Tagalog which is no longer used is marked as ~g.]

[Paalala ng nagsalin: May kilay ang mga salitang "ng, mga," at iba pa upang ipakita ang dating estilo sa pag-sulat ng Tagalog na sa ngayon ay hindi na ginagamit.]



## ANG MĀNANAYAW



**Ros. Almario**

**UNANG PAGKALIMBAG**

MAYNILA

LIMBAGAN NI JUAN FAJARDO  
Daang Carriedo Blg. 101, Sta. Cruz

1910.

---

## Talaan ng Nilalaman

### Aklatang Bayan.

#### SIMULA.

#### II.

#### III.

#### IV.

#### WAKAS.

---

## Aklatang Bayan.

*Sa gitnâ n~g masinsing úlap na sa kasalukuya'y bumábalot sa maynós na lan~git n~g Lahing Tagalog, ang «Aklatang Bayan» ay lumabás.*

*¿Layon? Iisáng iisá: makipamuhay, ibig sabih'y makilaban pagká't ang pakikipamuhay ay isáng ganáp na pakikitunggalí, isáng lubós at waláng humpáy na pakikibaka.*

*At makikibaka kami laban sa masasamâng hilig, m~ga ugali't paniwalà, magíng tungkól sa polítika, magíng sa relihión at gayón sa karaniwang pamumúhay; yamang ang m~ga bagay na itó'y siyáng m~ga haliging dapat kásaligan n~g alín mang bayan: tatlong lakás na siyáng bumúbuó n~g káluluwá n~g alín mang lahi.*

*At upáng malubós ang pagpapakilala n~g adhikâng itó sa aming man~gagiging, mangbabasa, kung sakali, n~gayón pa'y malugód na't magalang na ipinatátalastás namin sa kanilá ang m~ga aklát na sa kasalukuya'y niyáyarì sa loób n~g Aklatang itó:*

**Ang Mánanabong, Ang Pangginggera, Bagong Hudas, Ang Sakim, Bagong Parì at ibá't ibá pa.**

*Pan~ganay na anák n~g Aklatang itó «Ang Mánanayaw», na n~gayó'y bagong kalúluwál pa lamang sa laran~gan n~g Panunulat. Kulang sa katás marahil, marahil ay gayón din sa lusóg n~g pan~gan~gatawán, biglâw na bun~ga palibhasà n~g isáng panitik na salát sa ilaw n~g talino at dahóp sa yaman n~g pananalitâ.*

*Magsísitulong sa aklatang itó ang m~ga katoto ko't kaadhikâng Faustino Aguilar, namámatnugot sa TALIBA, Carlos Ronquillo, punong-mánunulat sa náturan ding páhayagán at m~ga ibá pang gurò n~g panitik, na sa pamamagitan n~g limbagan at papel ay magsásabog, hanggáng sa lalóng lihim na pook n~g Katagalugan, n~g makákaya niláng pangliwanag na ilaw sa m~ga kalahing nan~gan~gailan~gan nitó.*

**Ros. Almario,**

*Taga-pamahala n~g Aklatang Bayan.*

*Maynilà, 30 V-1910.*

---

## Ang Mánanayaw.



**Jóvenes qué estais  
bailando, al infierno**

## SIMULA

*Pati*: Mánanayaw. Alan~ganing tindíg; ni mababà ni mataas; katawáng malusóg, makatás, sariwà; m~ga matáng malalaki't bugháw, dalawáng bintanàng pinanúnun~gawan n~g isáng káluluwáng nag-iinit, nag-aalab sa nin~gas n~g apóy n~g isáng damdaming batis na dinádaluyan n~g alíw, *alíw n~g sandalí* na nakalúlunod, nakaiinis at nakamámatáy sa bawà't káluluwáng maligò sa kanyá.

*Sawî*: Túbong lalawigan, binatàng nag-aaral sa Maynilà. Buhat sa mabuting lipì, angkán n~g m~ga mayaman, si Sawî ay isáng binatàng lumakí sa lilim n~g pananaganà: kimí, mahihiyâin, ugaling babae, si Sawî ay hindí kaparis n~g m~ga binatàng waláng ibáng minimithîmithi kundí ang mátulad sa isáng paróparó, sa isáng bubuyog, na tuwina'y hanap ang m~ga bulaklák, upáng simsimín ang kaniláng ban~gó,

*Tamád*: Isáng hampás-lupà, isáng hampas-bató, na gaya n~g tawag sa kanyá n~g madlà. Ulila sa amá't ulila, sa iná. Waláng asawa, ni anak, ni kapatid, ni kamaganakan kungdí ... si «Ligaya»; ligayang pará sa kanyá'y hindí natatagpò sa alín mang dako, sa alín mang poók, máliban sa m~ga bilyar, sabun~gán, pangginggihan, bahay-sáyawan at m~ga bun~gan~gà n~g impierno na sa bálana'y laging nakaumang.

—Tamád, ¿kumusta ang *ibon*?

—Mabuti, Pati, maamò na n~gayón.

—¿Handâng pumasok sa kulun~gán?

—¡Oh, waláng pagsalang hindí siyá pápasok!

—¿Anó ang sabisabi niyá sa iyó tungkól sa akin?

Paris din n~g m~ga unang salitâ na náukol ko sa iyó nang tayo'y unang magkátagpò sa isáng handáan: na, ikáw ay magandáng katulad ni *Venus*, paris n~g Talà sa umaga. ¡Umiibig na sa iyó! Maáasahang siyá'y bihag mo na....

Binuksán ni Pati ang kanyáng dalawáng labì na nagpúpulahan upáng paraanín ang isáng matunóg na halakhák.

—*Con qué*, umiibig na sa akin, há?

—At pagháhanapin ka mámayâ.

—¿Saán? ¿saan mo akó itinurò?

—Sa bahay-sáyawan.

—Sa makatwíd palá ay nálalaman nang akó'y mánanayaw? ¿at anó ang sabi sa iyó? ¿hindí ba niyá nábabasa ang m~ga páhayagáng, hindí miminsan at mámakalawáng nagsásabog diyán n~g m~ga balitàng diumanó'y hindí m~ga babae ang m~ga mánanayaw sa «suscripción» kundí isáng tungkós na m~ga talimusák?

—*Medio ... medio* sinabi niyá sa akin ang ganyán; n~guni't tinugón ko siyáng ang gayóng balitâ'y mangyáyaring magkátotoó, kung minsán, at mangyayari rin namáng hindí, «Si Pati»—ang wikà ko sa kanyá,—«iyóng dalagang ipinakilala ko sa iyó sa handâang dinaluhán natin ay isáng matibay na saksí n~g katotohanang ang isáng magandáng perlas ay mangyáyaring mápaliblib sa gitná n~g burak....»

At tumigil sandalí ang nagsásalita upáng lumagók n~g laway at magpatuloy, pagkatapos, sa m~ga ganitóng pan~gun~gusap:

—At si Sawî (ang ibong pinagúusapan nilá)—ay naniwalà namáng ikáw ay isáng «magandáng perlas», isáng dalagang mahinhín, may puri, maran~gal....

—¿At hindí na itinanóng kung bakit akó nápasok sa bahay-sáyawan?

—Itinanóng ¿bakit hindí? n~guni't ang dilà ni Tamád, ang dilà n~g bugaw mong si Tamád, ay nang m~ga sandalíng yaó'y lumikhâ n~g m~ga pan~garap na sa kanyáng bibíg ay larawang mistulà n~g katotohanan, katotohanang nákita, sinaksihán n~g kanyáng tin~gín. At sinabi ko sa kanyáng hálos maagnás ang luhà ko: ¡Oh, Sawî, kung nálalaman mo ang buóng kasaysayan ni Pati, n~g magandáng Pati, na hináhan~gaan mo n~gayón, ay dí sasalang siyá'y málalarawan sa m~ga balintatáw n~g m~ga matá mo na katulad n~g isáng banál na babae, n~g isáng ulirán n~g kadalagahan. Pagká't siyá, ang habol ko pa, ay isáng ulilàng dumanas n~g dí gágaanong kasawian sa buhay, nagíng magpapalimos, nagíng manghihin~gì, at nang ayaw nang lawitán n~g awà n~g m~ga tinátawagan ay napilitang pumasok na alilà, ipinagbilí ang lakás sa isáng mayaman ... dapuwà't....

—¿Anó pa?

—Ang mayaman, ang dugtong ko, sa harap n~g walàng kaagáw na dilág ni Pati, ay nagnasàng paslan~gín ang kanyáng dan~gál.

—¡Paslan~gín! Mainam kang magtátatahítahî n~g kasinun~galin~gan. ¿At anó pa ang aking ginawâ?

—Na ikáw ay tumutol sa gayóng karumíng adhikâ.

—¿At pagkatapos?

—Nilisan mo ang bahay na pinaglilingkurán upáng pumasok sa pagkamánanayaw.

—Samakatwíd, ang tapos ni Pati, pará kay Sawí, akó'y isáng banál na babae, isáng ulilànginapí n~g Palad, nagíng magpapalimos, manghihin~gì, alilà, alipin, sa madalíng sabi; at dahil sa pagtatanggól n~g puri ko'y iniwan ang bahay n~g mayaman, upáng pumasok ... ¿gayón n~ga ba?

—Ganiyán n~ga.

¡Oh, kung ipinahintulot n~g Dios na ang m~ga kasinun~galin~gan, bago makalabás sa bibíg n~g m~ga nagsísínun~galíng, ay magíng apóy muna...!

Si Pati, pará sa ating nakakakilala sa kanyá, ay isáng isdâng kapak, na sa labás ay walàng ibáng ipinatátanâw kundî ang kintáb n~g kaliskís, bago sa loób ay walàng ibáng madádamá kundî ang mabahòng burak. Siyá'y hindî lamang kirí, hindî lamang salawahan; hígít sa kirí't salawahan, si Pátí ay isáng tunay na salarín, isáng mangbibitay n~g m~ga káluluwáng nahúhulog sa kanyáng kandun~gan.

Batà pa lamang, hálos bagong sumísiból pa lamang, si Pati'y pinagkatakután na n~g m~ga binatà sa kaniláng pook. ¡Bakit hindî, sa, bálana'y sinagután n~g óo, bálana'y pinan~gakuan, bálana'y sinumpâan; m~ga pan~gakò at sumpâng bawà't isá'y pinatítibayan sa pamamagitan n~g isáng sanlà, n~g isáng lágak, na hindî na mabábawì kailán man!

N~gunì't ... nagsasalitâ na namán si Tamád; pakinggán natin:

—Pati—aniya—mamayâ'y hindî sásalang dádalhín ko sa iyó ang ibon.

—Dáratíng kayóng handâ na ang haula.

At naghiwaláy ang dalawá.

---

## II.

—¿ ... ?

—¡ ... !

At nároón na silá sa unang baytáng n~g hagdanang patun~go sa bayan ni Plutón: sa bahay-sáyawan. Náuná si Tamád, ang tuksó, at si Sawí ay sumúsunód sa dako niyáng hulihán.

Ang *Templo* n~g masayang diosa *Terpsícore*, nang m~ga sandalíng yaón ay maitútulad sa isáng Hardín n~g Kaligayahan: doón at dito'y walàng námamalas ang tin~gín kundî ang m~ga bagong Eba, ang m~ga bagong Adán, doón at dito'y nagsabog ang m~ga bulaklák, nagsalialimbayan ang m~ga paroparó.

Pagdatíng na pagdatíng n~g magkasamang si Sawí't si Tamád sa bahay-sáyawan, si Pátí, na nag-aantáy na sa kanilá ay malugód na sumalubong at nakan~gití, nakatawang bumati sa kanilá:

Nan~gáligaw kayó rito....

Si Sawí'y hindî tumugón. Ang m~ga salitâ ni Pati, ang m~ga bigkás na yaóng mandi'y pinulután sa tatamís, ay isáisáng sumapit sa pusò n~g natítigilang binatà. ¡Anóng gandá ni Pati nang m~ga sandalíng yaón!

Sa loób n~g kanyáng damít na nan~gán~ganinag sa dalang, sa malas ni Sawí ay siyá ang nákita ni Flammarión sa kanyáng pan~garap: taong ilaw ang pinakalamán, at ang m~ga kamáy ay dalawáng bagwís.

Si Tamád, na nakákita sa ganitóng pagkakápatigil n~g kanyáng kasama, ay kumindát n~g isá kay Pati at lihim na itinurò yaón: «¡Talagáng *torpe* n~gâ!»

Noo'y isáng hudyát n~g tugtugin ang náriníg:

—¡Bals!—ang panabáy na turing n~g m~ga naíníp na m~ga mánanayaw.

At umugong ang malaking *salón* sa kiskís n~g m~ga sapatos.

Si Pati na nálalayô na sa dalawáng magkasama, pagsisimulâ n~g sáyawan ay mulíng lumapit kay Sawí:

¿Ibig pô ninyóng sumayáw?—ang magiliw na tanóng.

—Hindî pô ... bahala na pô ... mámâyâ na pôkung sakali.—At tumindíg na tila nainitan sa pagkakáupô; dinukot ang panyô sa bulsá at pinahid ang pawis na sa noó'y butílbutíl na sumísipót.

—¡Mahíhiyâin pa ang tunggák! ang naibulóng tulóy n~g magandang mánanayaw. At tinalikdán ang binatà na hálos padabóg. Tila nagálit sa gayóng pagtanggí n~g inanyayahan.

Ang gayón ay náhalatâ ni Sawî, kayâ't paanás na násabi sa sarili, nang siyá'y naúupô na:

—¡Bakà nagalit ah!...

At lalóng nag-ulol pa ang ganitóng pan~gan~gambá n~g binatà, nang mákitang si Pati ay kinúkuha na n~g isáng makisig na *bailarín*:

—¡Sayang at hindî ko siyá napairugan!

¿Sinóng lalaki ang kumuha sa kanyáng magandang mánanayaw?

¿Katipán na kayâ niyá?

¿Kasintahan na kayâ?

M~ga ganitóng pag-iisip ang gumuguhit sa gunitâ n~g binatà, nang sa súugat sa kanyáng pandiníg ang tanóng ni Tamád.

¿Bakit hindî ka sumayáw? At hindî na binigyáng panahón na ang inusisâ ang makasagót pa, at si Tamád ay nagpatuloy sa kanyáng pagtuksó:

—¿Naníniwalà ka bang sa m~ga bahay-sáyawan ay waláng dumádaló kundí ang m~ga taong waláng kabuluhán?

—Hindî sa gayón, katoto....

—¿Naníniwalà ka ba—ang ulit ni Tamád—na sa m~ga bahay-sáyawan ay waláng ibáng dumádayo kundí ang m~ga hampás n~g Dios na nagkalat diyán? Ah, nagkakámali ang m~ga may ganitóng paniwalà, at saksíng matibay n~g kamaliang itó ay ang nakikita mo n~gayón, kaibigang Sawî. Ang ginoóng iyáng kasayáw ni Pati ay isáng abogadong kilalá sa m~ga pook na itó n~g Maynilà ... ang ginoóng yaón—at itinurò ang isáng umíkit na kayapós namán n~g isáng babaeng habâan ang mukhâ at singkít ang matá ang ginoóng yaón ay isáng *farmaceutico*; at itó, itóng nagdaraán n~gayón sa tabí natin na may kawíng pang bulaklák sa tapat n~g dibdíb, ay isáng mayamang mán~gan~galakál....

Anó pa't ang lahat n~g m~ga nároón ay isáisáng ipinakilala ni Tamád kay Sawî: may m~ga *estudiante de derecho*, m~ga nag áaral n~g *medicina*, m~ga mán~gan~galakál, m~ga polítikó, at m~ga ibá pang «pag-asa n~g Bayan,» wikà n~gà n~g Dakilàng Bayani n~g Lahì.

N~gunì't ang m~ga ganitóng pagpapakilala ni Tamád ay hindî warì pansín n~g kanyáng kinákausap, pagkâ't itó, pagkatapos niyáng humintò, ay waláng ibáng náisagót kundí:

¿Sinó ang kasayáw ni Pati?

Ang ganitóng pagwawaláng bahalà n~g kanyáng kaniíg ay hindî ikinapoót ni Tamád. ¡Bagkús ikinagalák pa n~gà! Náhalatâ niyáng sa pusò ni Sawî, nang m~ga sandalíng yaón, ay walâ nang ibáng nagsísikíp kundí ang larawan n~g kanyáng *kandidata*, at walâ nang ibáng naririnig ni nakikitang anó pa man ang binatà kundí ang mahinàng sagítsít n~g sapatos ni Pati sa tablá n~g *salón* at ang kanyáng mapanghalinang tindíg.

Si Sawî, pusòng lagìng tikóm sa hibò n~g pagkakásala, n~gayó'y untí-untíng nabúbuksán sa tawag n~g isáng bagong damdamin, damdaming aywán niyá kung anó, datapwà't nálalaman niyá, óo, na ang damdaming yaó'y waláng pinag-iwan sa bagang nagbíbigáy inít sa isáng kaldera, apóy na gumigising sa dating tulóg at nagbíbigáy siglá sa dating malamíg na pusò.

Ang bulaklák na noóng una'y takót sa halík n~g araw, n~gayó'y bumúbukád sa hagibis n~g bagyó.

Samantalàng ang m~ga pareha'y nagsalísalimbay, sa gitnâ n~g *salón*; samantalàng ang m~ga pareha'y waláng hintò n~g bulun~gan, kálabitan, kindatan, kúrutan, at kung minsá'y ang pálitan n~g matatamis na salitâ; si Sawî, sa luklukang kinaróroná'y waláng ibáng iníisip-isip kundí kung «paano ang paraang dapat niyáng gamitin upáng maparating sa taya n~g mapanghalinang *binibini* ang m~ga itinítibók n~g kanyáng káluluwá.»

—Tamád ang pamulíng tawag sa katabí—ibig kong akó'y pagtapatán mo: ¿anó ang tunay na kalágayan ni Pati? ¿Dalaga ó may asawa? ¿malayà ó may katipán?

—¿Nálimutan mo na ba ang maliksíng tugón n~g tinanóng ang m~ga isinagót ko sa iyó noóng unang tayo'y magkásama hinggil ñin sa m~ga ganyán mong pag-uusisâ?

—Marahil ... ¿anó ba ang sinabi mo sa akin noón?

—Sinabi ko sa iyóng si Pati'y dalaga at waláng asawa, malayà at waláng katipán.

—Samakatwíd....

—Samakatwíd ang agád na habol ni Tamád—samakatwíd si Pati ay malayà, malayàng tulad n~g isáng isdá sa tubig, n~g isáng paróparó sa halamanan, n~g ibon sa alapaap.

—Kung siyá kayâ'y pag-alayan ko....

Náhalatâ ni Tamád ang tun~go n~g, ganitóng pananalitâ ni Sawî; kayâ't hindî na inantáy na matapos pa at matuling sumagót:

—¿Bakit hindî? ¿bakit hindî mangyáaring siyá'y pag-alayan n~g pag-ibig? ¿Hindî ba't ikáw ay isáng binatà, at siyá'y isáng dalaga? ¿Hindî ba't ikáw ay isáng makisig na bagong-tao at siyá'y isáng magandang binibini? ¿Bakit hindî...?

—Katotong Tamád, tila mandín binibirò mo akó.

—¿Binibirò kitá? Hindî ko pa sinásabing lahat sa iyó ang m~ga nálalaman ko tungkól sa babaeng iyán, pagká't nan~gán~gambá n~gâ akóng bakâ ka malulà....

—¿Malulà?

—Kung sabihin ko sa iyóng si Pati ay tila ... tila....

—¿Tila anó?

—Tila nagkákagustó sa iyó....

—¿Nagkákagustó! ... ¿Diyatâ? ¿diyatâ't si Pati'y nagkákagustó sa akin?

—¿At bakit mo namán násabi ang gayón?—ang usisàng may halòng pananabík.

—¿Bakit hindî'y sa minámasdán ko ang bawà't kilos niyá?

Noó'y nagkátaóng si Pati'y tumítin~gín kay Sawî. Náfansin ni Tamád ang gayón. Kinalabít ang kanyáng kapulong at ang bigkás na pan~gitî:

—¿Nákita mo na ... dí n~gayón ay tiningnán ka na namán!

—¿Tunay!—ang náibulóng ni Sawî sa sarili.—¿At, anóng lagtkít na sulyáp ang kanyá, anóng lambíng, anóng pagkásarársaráp!

Natapos ang unang bals.

Sa ikalawáng hudyát n~g tugtugin na nagbalitâ sa m~ga nároon n~g isáng mainam na *two-step*, si Sawî ay hindî na nakatiís:

—¿Ibig kong sumayáw sa kanyá!

At noón dî'y iniwan ang likmûan, madalíng lumapit kay Pati, at ang magalang na samò:

—¿Ibig pô ba ninyó akóng paunlakán?

Sa ganitóng katanun~gan n~g binatà, si Pati'y hindî man lamang nagbuká n~g bibíg; subali't pinasagót ang maputî't maliít niyáng kamáy na noó'y agád ikinawit sa bisig n~g nag ányaya.

M~ga matáng sana'y bumasa sa pusòng lalaki, noón pa'y nábanaagan na ni Pati ang kanyáng nálalapít na tagumpáy:

—¿Huli na ang ibon, huli na, huli na!—ang magalák na bulóng sa sarili.

At nang siláy sumayáw na ay pinapaglarò n~g gayón na lamang sa kamáy n~g kanyáng kayapós, ang maliít at malantík niyáng baywáng.

Si Sawî, sa ganitóng laláng n~g babae, ay untíuntíng nanglílíit na animo'y isáng kandilàng naúupós sa hihip n~g han~gin.

At ang makamandág na samyò n~g sampagang kanyáng sinísimsím n~g m~ga sandalíng yaón ay hinayhinay nang tumátagós sa kaibuturan n~g kanyáng damdamin.

¿Umíbig na siyá ... at umíbig n~g isáng pagíbig na taós, maálab, morubdób, na gaya n~g isáng sigá sa alò n~g han~gin, gaya n~g isáng sunog sa buhos n~g gás!

Bawà't n~gitî ni Pati, bawà't sulyáp na panukáw na ipakò sa kanyá, ay mariíng tumítimò, bumábaón, sumúsugat sa dibdíb n~g na sa pan~ganib na si Sawî, paris n~g pagtimò, pagbaó't pagsugat n~g isáng mahayap na palasô.

—Aling Pati—ang kimíng tawag sa kasayáw—kung akó pô kayâ'y pumarito gabígabí ay mákakasayáw ko kayó?

—Bakit pô hindî?—ang malambíng namáng tugón n~g tinanóng.

Ang binatà natin, ang *torpeng* si Sawî, sa ganitóng paoo ni Pati, waláng ibáng maisagót kundí isáng banayad na:

—Salamat pô.

At hindî na umimík pang ulí hanggáng sa matapos ang sáyawan. Si Simoun, ang kasindak sindák na Simoun sa *Filibusterismo* ni Rizal, pagkapaglapat n~g m~ga dahon n~g pintûan n~g *Templo* ni *Terpsícore* ay nagpamalas sa m~ga nan~gín~giníg niyáng labì n~g isáng mapagkutyâng n~gitî; at sakâ sinabing:

—¿Buena está la juventud!...

### III.

Si Sawî ay walâ nang pagkásyahán n~g pag-ibig kay Pati.

Bawà't saglít na dumaán, bawà't saglít na yumao, ay isáng palasô na namáng umíwà sa kanyáng dibdíb.

—¡Oh, Pati! ... ¿kailán mo pa málalamang iniibig kitá? ¿kailán mo pa málalamang ang pusò ko'y nagíng dambanà na n~g iyóng mahál na larawan? ¿kailán mo pa málalamang si Sawî'y walâ nang ibáng dinárasáldasál kung hindí ang pan~galan mong walâng kasingtamís?

Dilàng kimî, gapós n~g pagpipitagan, si Sawî ay nagtítiis manirá na lamang sa m~ga himutók at buntóng-hin~gá. ¿Magtapát kay Pati?

—Kung akó'y halayin? ¿Kung hindí pakinggán ang idáraíng ko? ¿kung birùbirùin ang pag-ibig? ¡Ay!...

Dapwà't, kung natátantô niyáng si Pati ay isáng maáwàing walâng dí nilimusán n~g kanyáng pag-ibig, kung natátantô niyáng si Pati ay isáng maawàing walâng pinagkaitán n~g kanyáng *habág*, kung natátantô niyáng si Pati'y walâng ibáng ináantay-antáy kundí isáng kalabít na lamang, ang isáng salitâng sukat maghiwatig n~g kaniyang, damdamin upáng lúbusan nang ipagkatiwalá sa kanyá ang kanyáng káluluwá, ang kanyáng katawán; ang m~ga gayóng hinagpís at pag-aálinlan~gan ay hindí na sana sumagì sa kanyáng gunitá.

N~gunì't si Sawî ay isáng *singki* pa; kayà't hindí niyá nálalamang, sa Maynilà, ang salitâng «Mánanayaw» ay náakakatugón n~g m~ga salitâng «mangdadambóng sa lilim n~g batás», «magnanakaw sa loób n~g bahay.»

Kung nálalaman niyáng sa m~ga bahay-sáyawan ay hindí ginágamit ang m~ga salitá upáng sabihing: «Iníbig kitá,» «ibig kitang kánin» kundí sukat na lamang ang m~ga suliyáp, kindát at kalabít, disin si Pati'y malaon n~g nagíng kanyá, ó sa matuwí'd at lalóng tumpák na sabi, siyá'y nagíng kay Pati.

Bagamán, ang kanyáng m~ga pag hihimutók ay hindí rin lubhâng naglawíg, pagká't noóng isáng gabíng si Pati'y manaog sa bahay-sáyawan, upáng umuwi na sa bahay, ay *nagkapalad* siyáng mápasama rito, sa *tulong* at *awà* n~g kanyáng kaibigang si Tamád.

—¡Binibining Pati: ang tawag n~g binatà, nang silá'y nagsásarilí na sa gitná n~g dilím—¿magalit ka pô kayâ kung akó'y may sabihin sa iyó?

—Kung makagágalit pô ... ang tila pabiróng sagót n~g tinanóng.

Si Sawî ay napatigagál.

¿Paáno ang kanyáng gágawin?

¿Saán siyá maglúlusót n~gayón?

¡Natakpán ang bútas na kanyáng ibig paglagusán.

Maláong hindí nakaimík.

Sa haráp n~g ganitóng pangyayari, si Pati ay lihim na nápan~gití:

—¡Talagáng *singki* n~gâ!—ang na wikà sa sarili.

Nang hindí pa rin humúhumá ang binatà ay si Pati na rin ang *nagabaláng* maglawít n~g silò.

—Ginoóng Sawî:—ang bun~gad—kung hindí pô akó namámali ay tila nákita ko na kayóng minsán, bago kayó makaratíng sa aming pinagsásayawán.

—¿Saán pô?—ang patakáng saló n~g binatà.—¿Sa lalawigan kayâ, sa marálitâng lalawigan na aking kinákitaan n~g unang liwanag?

—Hindí pô, dito rin pô sa Maynilà ... aywán ko na pô lamang kung saán at kailán; n~gunì't nákita ko na kayó.

—Dakilà pô ang palad ko kung magkakágayón.

—Akó na n~gâ pô lamang yatà ang talagáng abâng-abâ, sapagká't nákita na'y hindí pa nápansín.

—¡Binibini! ... ¡Binibining Pati! ... ¡Hindí ko kayó nápansín? ¿Datapuwa't mangyáyaring kayó'y hindí ko mapansín?

—Talagá pông gayón na n~gâ lamang ang nan~gápakaliliit na paris ko.

—¡Napakaliit! ¿Paano pông mangyáyari, na, ang isáng pinaglilingkurán ay magíng maliit pa kay sa isáng naglilingkód?

—¿Pinaglilingkurán pô, ang sinabi ninyó?

Umandáp andáp ang pusò ni Sawî at nag-alaalang bakâ siyá ay nápapabiglâ na ... n~gunì't, ¡pag

asa at lakás n~g loób! Ang napagdaanan na'y hindi na dapat pagbalikan. ¡*Adelante!* ang wika n~gâ ni Golfin sa *Marianela* ni Galdós, ¡*adelante, siempre adelante!*

—Opò—ang patibay n~g walang kagatòlgatòl ang dilà—pinaglingkurán pô, ang aking sinabi.

—¡Pinaglingkurán pô akó! at ¿nino pô?

—A ... a ... akó pô.

Si Pati ay lihim na nátawá.

Si Sawî ay lihim na nan~giníg.

—¡Lumálabis yatà ang kapan~gahasan ko?

At inantáy na sumagót ang dalaga, paris n~g pag-aantáy n~g isang násasakdál sa pasiyá n~g isang hukóm.

Ang palad ni Sawî, nang m~ga sandalíng yaòn, ay nábibitin sa m~ga labì ni Pati. ¿Anó ang itútugón sa kanyá? ¿Oo? ¡Oh, lan~gít! ... ¿Hindí? ¡Oh, kamátayan!

Si Pati, matapos mapindót ang sikmurà na sumásakitsakit din dáhil sa pinípigilang pagtawa, ay bumigkás n~g ganitó:

—Ginoóng Sawî: ¿kinúkutyâ mo pô yatà akó?

—¡Hindí pô; túnay na túnay pô ang aking sinabi. ¡Oh, kung mangyayáring mabuksán ang aking pusò!...

Patuloy ang kaniláng pag-uúsap.

Mulá sa malayò, sa isang pitak n~g lan~git, ay pumaibabaw sa tin~gín ang isang anakì'y búndók na kakulay n~g usok, ang úlap, ang makapal na úlap, sugò n~g nagbábantáng ulán.

Noón, ang m~ga naglálakád ay kasalukuyang dumaráting na sa tapat n~g isang *accessoria* na nátitirik dakòng kaliwâ n~g maluwáng na lansan~gan n~g Azcárraga.

—Umakýat pô muna kayó—ang anyaya ni Pati sa binatà—maaga pa pô namán.

¡Maaga pa!

¿Maaga pa ang sabi n~g babaeng yaón, gayóng magíkaisá na sa hatinggabi?

¡Ibáng-ibá n~gâ namán ang m~ga babaeng Maynilà kay sa m~ga babaeng lalawigan! ...—ang náibulóng tulóy sa dí masiyaháng pagtataká sa gayóng náriníg.

Gayón man ay sinagót din n~g isang taós na pasasalamat ang nag-áanyaya. At umakmang tatalikód na upáng umuwí sa kanyáng bahay; dátapwà't ¡pagkakátaón! noó'y bumubos ang ulán.

Isang mapagtagumpáy na n~gití, ang namulaklák sa m~ga labì ni Pati:

—¡Talagáng másisilò na ang ibon!

At mulí't mulíng inanyayahan ang binatà hanggáng sa itó'y matapos sa pagpapahinuhod:

—Yamang tulot mo pô ...—ang marahang sagót na bábahagyâ nang náriníg ni Pati.

Unang umakýat si Pati. Sa likurán niyá'y sumunód si Sawî.

Sa itaás n~g bahay, ang unang napansín ni Sawî ay ang maayos na m~ga palamuting doón ay nagsabit, ang m~ga kuadrang nan~gagpápan~gagáw sa inam, ang m~ga larawan, *paisaje*, at m~ga ibá pang sukat makaalíw sa tin~gín.

Isang batàng paslít ang dinatnán nilá sa bahay na itó, na, utusán ni Pati.

—Bulilít—ang tawag n~g may bahay sa alilà, pagdatíng sa hulíng baytáng sa itaás—bigyán mo n~g silya ang tao.

Ang inutusa'y maliksíng tumupád.

Naupò si Sawî; at ang batà ay nawalâ sa kanyáng harap.

Si Pati, samantalang pinagkúkurús n~g binatà ang dalawá niyáng kamáy sa pagkakaupò, ay pumasok sa silíd n~g bahay upáng ayusin ang kanyáng buhók na naguló sa bahay-sáyawan, at nang mulíng mapulbusán ang mukháng noó'y humúhulas sa agos nang pawis.

At bago lumabás ulí ay makailán munang binikásbikasan ang kanyáng bihis at itinanóngtanóng sa sarili kung ang ayos niyáng yaó'y sapát nang makapagpalundág n~g isang pusò sa kanyáng kinalalagyán. At nang tila nasiyahán na ang loób ay saká pa lamang naupò sa isang luklukang may gadipá lamang ang layò sa kanyáng panauhin.

¡Anóng pagkâgandágandá ni Pati noón sa malas ni Sawî!

—¡Oh—ang nawikà tulóy—magíng si San Pedro man na panót ang tuktók, magíng si San Juang mapun~gay ang matá't magíng si San Pascual na maamò ang mukhâ, sa harap n~g ganitóng dilág ay sápiritáng mabúbuyó sa pagkakásal!



¡At siyá, siyá pa n~gâ bang isáng hamak na tao lamang ang hindi matuksó?...

—Pati! jaling Pati! ... ang sunódsunód na tawag na kasabáy n~g pan~gin~giníg n~g boóng katawán.

Ang tinawag ay hindi sumásagót. N~gunì't nápapan~gití n~g lihim, pagkâ't noón ay nahalatâ niyáng ang makamandág na init n~g kanyáng katawán ay tumátaláb na sa pusò ni Sawî.

At si Pati ay lumapítlapít pa sa kanyáng kausap, at nakatawa, nakasulyáp na sakdál n~g saráp.

Si Sawî ay lalòng nan~giníg.

Si Pati ay lalò pang lumapit sa kanyá, lalò pang nilambin~gan ang n~gití, lalò pang pinun~gayan ang suliyáp.

Ibig nang tumakbó si Sawî, ibig nang sumigáw, ibig nang tumakas, upáng makailag sa tuksó.

¡Daráng na daráng na sa init!

N~gunìt noó'y siyáng pagdampî sa kanyáng kamáy n~g nagpúputia't m~ga tabas kandilàng daliri ni Pati, at kasunód ang magiliw na usisá:

—¿Anó pô ang dináramdám ninyó? ¡nanglálamíg kayó!

—Opò ... opò ... nanglálamíg n~gâ pô.

At sabáy nagtindíg sa pagkakáupò,ibunukás ang dalawâng bisig at iginapos sa líig ni Pati, at ang samòng namámasag ang tinig:

—¡Pati, Pati, patawarin akó...!

---

## IV.

Mulá nang unang gabí na kanyáng pagsamyô nang layaw sa kandun~gan n~g magandáng Pati, si Sawî ay nanumpâan nang magíng isá sa lalòng masakip na kampón n~g *diosa* Terpsícore.

Siyá'y isáng pusakál nang mánanayaw.

Ang m~ga aklát na dati niyáng kaulayaw pagdatíng n~g gabí, n~gayó'y siyáng m~ga matalik niyáng kaaway.

¡Ni isáng sulyáp man, ni isáng saglít pang pakikiníg sa kanilá!...

Ang lahát nang kanyáng panahón ay lúbusang ipanaubayà na sa m~ga alíw n~g sandalí.

At ang kanyáng káluluwá, parang isáng katawáng kulang at salát sa pagkain, untíuntí nang nanunsiyami, untíuntí nang nalúluoy, untíuntí nang naínís sa dilím na noó'y bumábalot sa kanyáng maular na lan~git.

At mulá noó'y walá nang ibáng pinan~gápan~garáp kundí magpakalasing sa paglagók sa alak n~g pag-ibig sa m~ga maninipis at mapupulâng labì n~g kanyáng marilág na Pati.

Si Pati, pará sa kanyá'y siyá nang lahát: pag-asa, ligaya, pag-ibig, kaluwalhatian....

¡Oh, ang makamandág na binhî, ang pag-ibig sa isáng salaríng katulad ni Pati, ay lumagô at nagugát sa pusò ni Sawî!

Minsán, sa isáng pag-uusap nilá, ay malinaw na nápalarawan ang kadakilàan n~g kanyáng pag-ibig sa magandáng mánanayaw:

—Pati, Pati ko aniya,—¿tunay bang akó'y iyóng minamahál?

Si Pati, sa ganitóng kahalin~gán n~g binatà, ay minsáng namuwalan sa bugsô n~g isáng pagtawang inimpít.

—Sumagót ka, Pati ko, sumagót ka sana.

—Oo—ang bigáy-loób n~g mánanayaw—óo, Sawî ko, gíliw kong Sawî, minámahal kitá.

—¿Gaya kayâ n~g pagmamahál ko sa iyó?

—Higít pa; makálilibo pang mahigít. Iníbig kitá paris n~g pag-ibig n~g bulág sa araw, iníbig kitá paris n~g pag-ibig n~g isdá sa tubig, iníbig kitá paris n~g pag-ibig n~g banál sa Dios. ¿Nasísiyahán ka ná?

—Pati, Pati ko. ¿tunay ang iyóng sinabi?

—Paris n~g katotohanang madilím ang gabí, may init ang araw, may lamíg ang buwan; paris n~g katotohanang akó ay may pusò, ikáw ay may atáy; paris n~g katotohanang ikáw ay maganda, akó ay pan~git.

—Pati, Pati ... at tinutop ang kanyáng dibdíb na tila ibig máwalat sa pitlág n~g pusòng noón ay

dumanas n~g dí gágaanong alíw.

At bago pinigilan si Pati sa manipís niyáng baywáng, hinagkán sa noó n~g isáng matunóg at mahabàng halík at....

—Pati ko—ang turing—¿naríriníg mo ba ang masinsíng tibók n~g aking káluluwá? ¿Hindí? ... pakinggán mo: sinásabi niyáng ikáw raw ang kanyáng búhay, ikáw raw ang kanyáng ligaya, ikáw raw ang kanyáng lan~git ... ¿nálalaman mo na?

—¡Namán!

—At sinabi pa niyáng—ang patuloy ni Sawí na tila hindí pansín ang «namán» ni Pati—at sinásabi pa niyáng siyá ay nagtayô n~g isáng dambanà sa lalòng lihim na pitak n~g aking damdámin, dambanàng sinabugan n~g mapuputíng sampagita upáng suubín sa kanyáng mahinhíng halimuyak ang larawan n~g isáng babae, n~g isáng banál, n~g kanyáng magandang Pati....

---

Ang *lintâ*, pagkatapos n~g isáng linggóng pananabíknabík sa dugô n~g kulang-palad na si Sawí, ay hindí na nakatiís.

—¡Dapat na siyáng magbayad!

At mariíng ikinápít ang kanyáng matatalím na n~gipin sa bulsáng saganà sa pilak n~g walàng malay na binatà:

—Sawí ko, gíliw kong Sawí, bigyán mo akó n~g limáng piso upáng máibilí ko n~g barò.

Ang hinin~gán ay latág ang palad na sumagót:

—Náritó, mutyâ ko, tanggapín ang hiníhin~gí mo.

Nagdaán ang unang araw; dumatíng ang ikalawá.

Ang lintâ, ang matakaw na lintâ, ay mulíng sumigíd na namán:

—Sawí ko, gíliw kong Sawí, bigyán mo akó n~g sampûng piso na máibilí ko n~g saya.

¡Sampûng piso na n~gayón!

Gayón man, si Sawí ay hindí rin tumanggí sa gayóng pag-íbayo n~g halagá. At....

—Náritó, mutyâ ko, tanggapín ang hiníhin~gi mo.

Nagdaán ang ikalawáng araw at dumatíng ang ikatló.

At ang lintâ, ang lintâng kailán ma'y hindí na yatà masísiyahán, noón ay pamulíng sumigíd na namán nang sigíd na lalòng mariín pa kay sa m~ga una, lalò pang malakás; at....

—Sawí ko, gíliw kong Sawí—na namán bigyán mo akó n~g dalawáng-pûng piso na maibilí n~g sapín, pulbós, paban~gó, medias at....

¡Dalawángpûng piso na!

Dapuwà't si Sawí, ang magaràng si Sawí, ay dumukot pa rín sa kanyáng supot na malamán:

—Náritó, gíliw ko, ang sagót na namáng tila hindí pansín ang kanyáng pagkakápalaot—náritó ang hiníhin~gí mo.

At hindí sa lamán lámang humáhanggá ang kirót n~g m~ga kagát ni Pati, n~g lintâng si Pati, sa katawáng namúmutlâ na n~g binatà, kundî hanggáng sa m~ga butó pa, na pinagtiinán n~g kanyáng matatalím na n~gipin.

Minsán, sa kaniláng pagsasarilí, si Sawí ay nagpakasawàng magdampí n~g m~ga labí niyá sa m~ga namumúrok na pispn~gi ni Pati. Itó, pagkatápos maparaán ang gayóng kahiban~gán n~g binatà, ay tumanóng na may halòng birò:

—¿Iláng halík ang ibinigáy mo sa akin?

Si Sawí, lasíng sa m~ga sulyáp ni Pati, sa sin~gaw n~g kanyáng malusóg na katawán, ay sumagót na dí magkangtututo:

—Isá ... dalawá ... tatló ... apat ... sampú, labínglimá ... ¡marami! ¡¡maramingmarami!! ... aywán ko na ba kung ilán.

—Báwa't halík ay babayaran mo n~g piso.

—¡Piso!...

¿Saán hindí masasaid ang bulsá ni Sawí sa ganitóng pamamaraán ni Pati?

Ang bariles, punòngpunò man, pag hindí naampát ang paglabás n~g tagas ay dáratnán din n~g pagkatuyô.

At gayón ang nangyari sa kulang pálad na binatà: untíuntíng naubos ang yaman, baytángbaytáng na bumabâ sa kailalimang pinagháharian n~g dilím, dilím n~g pananalát, dilím n~g karálitâan.

¿Anó pa ang kanyáng gágawín? ¿Man~gutang? ¿Magsanlâ? ¿Magpalimós?

Tila salun~gát sa pagkatao niyá ang m~ga ganitóng gawâ.

N~guni't ¿paano si Pati? ¿paano ang kanyáng pag-ibig kay Pati? Mangyáyaring siyá'y uminóm n~g luhà, n~g sarilingluhà, bagamá't masakláp; mangyáyaring siyá'y magtiís n~g gutom; dapuwà't iwan si Pati, iwan pa si Pati! ... Ang gayó'y tunay na dî niyá maáatím, pagkâ't si Pati ang kanyáng «pag-asa,» si Pati ang kanyáng «luwalhatì,» si Pati ang kanyáng «buhay,» si Pati ang araw n~g kanyáng káluluwá, si Pati ang init na nagbíbigay siglá, lakás at tibók sa kanyáng pusò.

¡Oh, si Pati ay isáng halaman at ang pusò niyá'y isáng halamanan!

At ang halama'y nag ugát at hindî na mangyáyaring bakbakín pa sa lupàng kinátutubùan kundî isásabog ang lupàng iyán; ¡at ang lupàng iyá'y ang pusò ni Sawî!

M~ga iláng araw nang siyá'y hindî sumísilay sa bahay ni Pati dahil sa dináranas niyáng pananalát. ¿Saán pa siyá magnánakaw n~g pilak na ikasúsunód sa pithayà n~g babaeng itó?

—¡Ah, mabuti ay magsanlá na!

At nagsanlá.

At naúbusan na namán.

Nan~gútang: naúbos din.

At nanghin~gî: gayón din.

—¡Oh! ¿anó pa ang aking gágawín?

¿Sumúlat sa kanyáng m~ga magúlang?

N~gayó'y walâ na siyáng amá, walâ na siyáng iná, ni kapatíd, ni kamaganakan. Lahát ay sumawà na sa kanyá. ¡Siyá'y itinatákuwíl n~g kanyáng m~ga pinagkákautan~gan n~g buhay!

¿At sinong banál na m~ga magulang ang hindî tátalikód sa m~ga anak na paris niyá?

Lusakin ang kaniláng dan~gál pagkatapos maubos ang pilak na kaniláng natipon sa tulong n~g tiyagâ at walâng humpáy na pakikiagaw sa masun~git na kabuhayan; kaladkarín ang kaniláng pan~galan sa lansan~gan, payurákyurakan sa bálana, ipakutiyâ-kutiyâ, ¡oh, anóng gaming~palá sa kaniláng pagmamahál!

At hindî pa rito lamang humáhanggá ang pagkapariwarà ni Sawî: mulâ nang siyá'y magkábaónbaón na sa utang, mulâ nang siyá'y magíng maghihin~gì, mulâ nang siyá'y magíng karumaldumal na pag-uugali, ang m~ga dati niyáng kasama sa páaralán, ang m~ga dati niyáng kasama sa m~ga pasyalan, ang m~ga dating nagbíbigáy sa kanyá n~g pamagát na katoto, ay isáísá nang nan~gilag sa kanyá, isá-isá nang natakót, paris n~g paglayô't pan~gin~gilag sa isáng may sakít na nakaháhawa.

At lalò pa mangdíng nag-iibayo ang hapdí n~g m~ga ganitóng kasawian kung siyá'y nakakasalubong sa daán n~g m~ga dating kakilala na pagkakákita sa kanyá'y walâ nang ibáng pan~gunang batì kundî ang isáng halakhák, ang isáng mutunóg na halakhák, ang isáng n~gití, ang isáng mapagkutiyáng n~gití; n~gití at halakhák na kung minsá'y sinásabayán pa n~g isáng pagdalirí sa kanyá at n~g m~ga salitáng:

—Nariyán ang hampás-lupà.

Bawà't bigkás na ganitó'y isáng palasô namáng tumitimò't sumúsugat sa kanyáng pusò, sugat na labis nang hapdí sugat na labis nang anták.

—¡Limutin ko na kayâ si Pati! ... ang takót na naisanggunì sa sarili, nang minsáng siyá ay náhihigâ na.

N~guni't ¡oh, pagkakataóng labis n~g sun~git!

Nang siyá'y na sa m~ga ganitóng paghahakà, ay siyáng pagkáriníg sa kanyáng pintúan n~g tawag n~g isáng boses na kanyáng ikinápaban~gon.

—¿Sinó?—ang tanóng sa tumawag.

At lumapit sa pintúan na noó'y minsáng bumukás sa tulak n~g dalawáng malakás na bisig.

—¡Si Tamád!—ang nasambitlá agád ni Sawî nang mákita ang dumating.

—*El mismo*, ang sagót n~g sinambít—akó n~gà.

